

IHANDA ANG BAWAT KINAKAILA- NGANG BAGAY



PAG-IIMBAK NG PAGKAIN
NG PAMILYA SA TAHANAN

MENSAHE MULA SA UNANG PANGULUHAN

Minamahal na mga Kapatid:

Nilikha ng ating Ama sa Langit ang magandang mundong ito, lakip ang lahat ng kasaganaan dito, para sa kapakanan at gamit natin. Layon niyang maglaan para sa ating mga pangangailangan habang tayo ay namumuhay sa pananampalataya at pagsunod. Magiliw niyang ipinagutos sa atin na “ihanda ang bawat kinakailangang bagay” (tingnan sa D at T 109:8) upang, kung dumating man ang kahirapan, maitataguyod natin ang ating sarili at ang ating kapwa at masusuportahan natin ang mga bishop habang itinataguyod nila ang iba.

Hinihikayat namin ang mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo na paghandaan ang mga kahirapan sa buhay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng panustos na mga pangunahing pagkain at tubig at ipon na pera.

Hinihiling namin na maging matalino kayo sa pag-iimbak ng pagkain at tubig at mag-impok. Huwag magmalabis; hindi praktikal, halimbawa, ang mangutang para lamang agad makapag-iimbak ng pagkain. Sa mahusay na pagpapalano, sa loob ng ilang panahon, makapag-iimbak kayo ng mga kinakailangang bagay sa tahanan at makapag-iipon kayo ng reserbang pondo.

Batid namin na ilan sa inyo ay walang mapagkukunang panustos o lugar para makapag-iimbak. Ang ilan sa inyo ay maaaring hindi pinahihintulutan ng batas na mag-iimbak ng maraming pagkain. Hinihikayat namin kayong mag-iimbak ng pagkain hangga’t ipinahihintulot ng inyong kalagayan.

Nawa’y basbasan kayo ng Panginoon sa inyong pagsisikap ukol sa pag-iimbak ng pagkain sa inyong tahanan.

Ang Unang Panguluhan



MGA PANGUNAHING ALITUNTUNIN SA PAG-IIMBAK NG PAGKAIN SA TAHANAN

TATLONG-BUWANG PANUSTOS



Mag-imbak ng kaunting panustos na pagkain na karaniwang bahagi ng inyong kinakain sa araw-araw. Isang paraan na magagawa ninyo ito ay sa pamamagitan ng pagbili ng ilang sobrang pagkain linggu-linggo hanggang makapag-imbak kayo ng sapat na pagkain para sa isang linggo. Pagkatapos ay unti-unti ninyong dagdagan ito hanggang makapag-imbak kayo ng sapat na panustos para sa tatlong buwan. Ang mga ito ay dapat gamitin nang regular para maiwasan ang pagkasira.

INUMING TUBIG



Mag-imbak ng inuming tubig para sa mga pagkakataong marumi ang tubig o walang mapagkunan nito.

Kung ang direktang pinagkukunan ninyo ng tubig ay mali-ni at may chlorine hindi na ito kailangang i-purify pa, at kung marumi naman, i-purify ito bago gamitin. Iimbak ang tubig sa mga lalagyang matibay, hindi makalalabas ang tubig, at hindi nababasag. Maaari ninyong gamitin ang mga boteng plastik na karaniwang pinaglalagan ng mga juice o softdrink.

Ilayo ang mga lalagyan ng tubig sa mga pinanggagalingan ng init o direktang sikat ng araw.

RESERBANG PONDO



Mag-ipon ng reserbang pondo sa pamamagitan ng pagtatabi ng maliit na halaga linggu-linggo at unti-unting dagdagan ito hanggang sa lumaki (tingnan sa gabay na *Ihanda ang Bawat Kinakailangang Bagay: Kabuhayan ng Pamilya*)

PANGMATAGALANG PANUSTOS



Para sa mga pangmatagalang pangangailangan, kung pina-hihintulutan, unti-unting mag-imbak ng panustos na pagkain na tatagal at magagamit ninyo para mabuhay, tulad ng trigo, bigas, at beans.

Ang mga ito ay tatagal nang 30 taon o mahigit pa kapag maayos na inimpake at itinago sa isang malamig at tuyong lugar. Ang ilan sa mga ito ay maaaring gawing bahagi ng inyong tatlong-buwang panustos na pagkain.

“Isaayos ang inyong sarili; ihanda ang lahat ng kinakailangang bagay, at magtayo ng isang bahay, maging isang bahay ng panalangin, isang bahay ng pag-aayuno, isang bahay ng pananampalataya, isang bahay ng pag-aaral, isang bahay ng kaluwalhatian, isang bahay ng kaayusan, isang bahay ng Diyos” (D at T 109:8).

*Bisitahin ang
www.providentliving.org
para sa karagdagang impormasyon
tungkol sa pag-iimbak sa tahanan.*

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

